www.xtrapapers.com



Diploma Programme
Programme du diplôme
Programa del Diploma

# Filipino A: literature – Standard level – Paper 2
# Filipino A : littérature – Niveau moyen – Épreuve 2
# Filipino A: literatura – Nivel medio – Prueba 2

Monday 11 May 2015 (morning)
Lundi 11 mai 2015 (matin)
Lunes 11 de mayo de 2015 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

## Instructions to candidates

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied and compare and contrast these works in response to the question. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works will not score high marks.
- You are not permitted to bring copies of the works you have studied into the examination room.
- The maximum mark for this examination paper is **[25 marks]**.

## Instructions destinées aux candidats

- N’ouvrez pas cette épreuve avant d’y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. En basant votre réponse sur au moins deux des œuvres de la troisième partie que vous avez étudiées, vous devez comparer et opposer ces œuvres dans le cadre du sujet. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la troisième partie n’obtiendront pas une note élevée.
- Vous n’êtes pas autorisé(e) à apporter des exemplaires des œuvres que vous avez étudiées dans la salle d’examen.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d’examen est de **[25 points]**.

## Instrucciones para los alumnos

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste una sola pregunta de redacción. Base su respuesta en al menos dos de las obras estudiadas de la Parte 3, comparándolas y contrastándolas en relación con la pregunta. Las respuestas que no se basen en al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán una puntuación alta.
- No está permitido traer copias de las obras estudiadas a la sala de examen.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es **[25 puntos]**.



2215 – 0076
© International Baccalaureate Organization 2015

International Baccalaureate
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

www.xtrapapers.com



Sagutin ang **isang** tanong lamong. Dapat ibatay ang iyong sagot **sa kahit man lamang dalawang** akdang nasa Bahagi 3 na iyong napag-aralan at **ikumpara o pag-ibahin** ang mga akdang ito bilang tugon sa tanong. Ang mga sagot na hindi nakabatay sa pagtalakay ng kahit man lamang dalawang akda mula sa Bahagi 3 ay **hindi makakakuha** ng matataas na marka.

**Nobela**

**1.** Suriin ang mga kasangkapang pampanitikan na ginamit sa kahit man lamang dalawang nobelang iyong napag-aralan para maipamalas ang pagbabagong panloob ng isa o higit pang tauhan at ang epekto nito sa mga kaganapan sa kwento.

**2.** Talakayin ang mabisang paggamit ng simbolismo sa kahit man lamang dalawang nobelang iyong napag-aralan.

**3.** Suriin kung paano ang maliliit na problemang dinadanas ng mga tauhan sa kahit man lamang dalawang nobelang iyong napag-aralan ay naging hudyat sa mas malalang sigalot.

**Maikling kwento**

**4.** Talakayin ang mga kasangkapang pampanitikang ginamit sa kahit man lamang dalawang akda ng magkaibang awtor para sa paglikha ng isang partikular na tono.

**5.** Batay sa kahit man lamang dalawang akda ng magkaibang awtor na iyong napag-aralan, suriin kung paano ang kaisipan ay maari ding maging lugar ng aksyon sa kwento.

**6.** Talakayin kung paano ang punto-de-bista ay nakakapagpatindi ng isang partikular na danas o nakakapagpayaman ng kahulugan nito sa kahit man lamang dalawang akda ng magkaibang awtor na iyong napag-aralan.

**Dula**

**7.** Paghambingin ang kahit man lamang dalawang dulang iyong napag-aralan na may nakakagulantang na wakas at ang mga paraang ginamit para maging kapani-paniwalang maganap ito.

**8.** Batay sa kahit man lamang dalawang dulang iyong napag-aralan, suriin kung anong mga elemento sa dula ang ginamit para makalikha ng napakatingkad na eksena o natatanging tauhang mahirap kalimutan.

**9.** Suriin kung paano nagagamit ang tawa o biro sa kahit man lamang dalawang dulang iyong napag-aralan sa paghatid ng seryosong mensahe.

www.xtrapapers.com



**Tula**

**10.** Paghambingin ang mga tula mula sa kahit man lamang dalawang akda ng magkaibang makatang iyong napag-aralan na mayaman sa biswal na imahen.

**11.** Suriin kung paano ang paggamit ng mga konotatibong salita ay nakakaambag sa lalong pagpayaman ng danas o damdamin o kahulugan sa kahit man lamang dalawang akda ng magkaibang makata na iyong napag-aralan.

**12.** Batay sa kahit man lamang dalawang akda ng magkaibang makata na iyong napag-aralan, hanggang saan masasabing may kabuluhan din ang di lantarang sinasabi o ang mga puwang sa tula kung kung saan ito tahimik?

**Prosa-hindi kathang-isip**

**13.** Paghambingin ang mga paraan ng paggamit ng mga pili at konkretong detalye sa paglikha ng isang partikular na epekto sa dalawa o higit pang akdang iyong napag-aralan.

**14.** Suriin ang mga paraan ng pagpatingkad o pagbigay kabuluhan sa usapin ng kasarian sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan.

**15.** Talakayin ang mga kasangkapang pampanitikang ginamit sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan para gawing higit na kawili-wili at interesante ang isang mabigat na paksa.